# Team Policy Debate

## Paksa: Sumasang-ayon ka ba kung pahihintulutan ng gobyerno ng Pilipinas na gawing legal ang same sex marriage?

Ang Team Policy debate ay isang Sistema ng debate na matagal nang ginagamit ng bansang Amerika. Gagamitin natin ang polisiyang ito upang magkaroon ng katawan ang ating debate.

Lahat ng miyembro sa bawat grupo ay magsasaliksik at bubuo ng mga argumento na kanilang ipapahayag sa debate. Depende ito sa mabubunot na posisyon kung "Affirmative" o sumasang-ayon o "Negative" o hindi sumasang-ayon.

Tandaan na ang argumento ay ang mga mga sumusuportang dahilan at pangngatwiran. Sa madaling salita, ipapahayag nyo dito ang dahilan kung bakit kayo sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon. Mas mainam kung ang inyong argumento ay base sa mga lehitimo at mapagkakatiwalaang impormasyon kung kaya kinakailangan ng masinsinang pagsasaliksik.

Matapos ang pagbuo ng mga argumento at pagkakaroon ng sapat na kaalaman, ang bawat panig ay pipili ng dalawang kinatawan na siyang maghaharap sa debate. Ang matitira sa grupo ay ang magiging tagapanood.

Narito ang susunding oras ng bawat kinatawan.

| Speech | 1AC | 1NC | 2AC | 2NC | 1NR | 1AR | 2NR | 2AR |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Time | 10 min. | 10 min. | 10 min. | 10 min. | 5 min. | 5 min. | 5 min. | 5 min. |

1 = unang tagapagsalita
2 = ikalawang tagapagsalita

A = affirmative (sang-ayon)
N = negative (di sang-ayon)

C = Constructive (paglalahad ng argumento)
R = Rebuttal (pagbali sa argumento ng kabilang panig)

Ibig sabihin, sisimulan ng unang tagapagsalita sa Affirmative ang paglalahad ng una nilang argumento sa loob ng walong minuto. Gayon din ang gagawin ng unang tagapagsalita sa Negative na panig. Mayroon lamang tiglabing-anim na minuto ang bawat panig upang ilahad ang kanilang argumento.

Matapos ang cross examination, sisimulan naman agad ng ikalawang tagapagsalita mula sa Negative ang pagbali sa argumento o ang rebuttal sa inilahad ng kabilang panig sa loob ng apat na minuto.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

**Resolusyon**

Upang malaman kung sino ang panalo, ang guro o ang tagapamagitan, ay siyang mag-aanalyze o magsusuri kung sino sa dalawang panig ang nagkaroon ng maayos na paglalahad ng mga polisiya ng gobyerno ng bansa o ang "policy nature".

Hango mula s a Whitman Glen. "Debate Formats." *csun.edu*. 5 Sept. 2000, http://www.csun.edu/~dgw61315/debformats.html. Accessed on 27 Jan 2017.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.